Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI NG KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, NOONG IKA-14 NG AGOSTO, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9 25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | . . . . . . . . . . . . . . | PANG. PUNONG BAYAN *Tagapangulo* |
| Kgg. Louie C. de Leon | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad *Nasa lakad opisyal* |

KAPASIYAHAN BLG. 192-T'2002

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. JUAN M. FLAVIER, SENADOR NG BANSA, NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG DALAWANG MILYONG PISO (P2,000,000.00) PARA SA PAGSASAALANG-ALANG NG PROGRAMANG PRIMARY COMPLEX SA BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T*, pinahahalagahan ng bayan ng Santa Cruz, Laguna ang pagtulong sa mga mamamayan partikular ay mga batang may primary complex at napapabilang sa mga mahihirap at walang kakayahang makabili ng mga gamot para sa pagpapagaling ng kanilang karamdaman;

*SAPAGKA'T*, pananagutan ng pamahalaang bayan na maihatid sa pamayanan ang mga pangunahing paglilingkod;

*SAPAGKA'T*, walang kakayahan ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na lubos na maisaalang-alang ang nasabing programa;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr. na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Roselon F. Pamatmat, Bernardo E. Ison at Purita P. Sarmiento at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap , ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na hilingin sa Kgg. Juan M. Flavier, Senador ng Bansa, na makapagkaloob ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang P2M para sa pagsasaalang-alang ng programang *Primary Complex* sa bayang ito

*INIUUTOS*, Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Juan M. Flavier, Senador ng Bansa, Lungsod ng Pasay; Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY*.

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR DOMINGO G PANGANIBAN
Punong Bayan

207